**Department of Educational at Counselling Psychology, at Special Education**
The University of British Columbia
Faculty of Education
2125 Main Mall
Vancouver BC Canada V6T 1Z4
Tel 604-822-0242 Fax 604-822-3302
www.ecps.educ.ubc.ca

# Adolescent Technology Engagement, Self-Regulation, at Pagbabago ng mga Relasyon sa Magulang, Mga Ka-edad, at Kung Kanino may Sekswal na Relasyon

## Pormularyo ng Pahintulot ng Magulang

Ang inyong anak ay inimbitang lumahok sa isang reasearch study na isinagawa ng University of British Columbia na mangyayari sa mga darating na linggo. Mangyaring maglaan ng kaunting panahon upang basahin ang impormasyon tungkol sa pag-aaral.

**Pangunahing Imbestigador:** Dr. Jennifer Shapka

**Layunin:** Maraming panahon ang ginugugol ng adolescents online at sa kanilang cell phones. Pero sa kasamaang-palad, ipinapakita ng bagong research na ang paggugol ng sobra-sobrang panahon online araw-araw ay maaring mauwi sa 'di-mahimbing na tulog, problema sa mood at anxiety, at problema sa relasyon sa pamilya. Ayon sa pinakabagong research, mahirap minsan maiwasan ang gumamit ng teknolohiya dahil ang mga teenager ay maaring kumapit nang husto sa digital devices. Ang pagkapit na ito ay maaring makatulong sa social needs at goals ng mga teenager, kahit na ipinapakita ng research ang kahalagahan ng harap-harapan na interaksyon.

**Mga Pamamaraan sa Research:** Sa pag-aaral na ito, magkukumpleto ang inyong teenager na anak ng palatanungan taun-taon tungkol sa kanyang paggamit ng cell phone, at tungkol sa kanyang mga relasyon sa kanyang mga kaibigan, pamilya, at romantic partners (mangyaring tandaan na tatanungin namin sila kung nagpadala o nakatanggap sila ng anumang sekswal na messages). Dahil sa kasalukuyang nangyayaring COVID-19 pandemic, hihilingin din namin ang inyong anak na sagutin ang mga katanungen tungkol sa kung paano naapektohan ng COVID-19 ang kanyang paggamit ng cell phone, pagpasok sa paaralan, at pangkalahatang kapakanan. Ang lahat ng mga katanungan ay opsyonal at maaring laktawan ito ng inyong anak kung mas gusto niyang hindi sumagot. Ang online na palatanungan ay magtatagal nang mga 45 minuto upang kumpletohin, at ito'y gagawin isang beses bawat taon habang may pasok sa eskwelahan hanggang nag-graduate ang inyong teenager na anak. Gagawin ng inyong anak ang palatanungan sa kanyang sariling device, pero kung wala siya nito, maglalaan ng iPad mini na magagamit niya. Padadalhan siya ng link sa palatanungan sa kanyang email address sa eskwelahan. Walang mga nalalamang risk na may kinalaman sa pag-aaral na ito. Gayunman, kung naiilang ang inyong teenager na anak, mayroon siyang karapatang umalis sa pag-aaral kahit kailan nang walang multa. Hindi rin kailangan sagutin ng inyong teenager na anak ang anumang tanong kung hindi siya komportableng sagutin ito. At kung ayaw ninyong sumali ang inyong teenager na anak sa pag-aaral na ito, dapat ninyo isauli ang pangalawang pahina ng sulat na ito na nagpapahayag nito. Kung ang inyong anak ay hindi sasali, hihilingin lang siyang magtrabaho nang tahimik sa kanyang mesa, o magpunta sa library habang sinasagot ng kanyang mga kaklase ang palatanungan. Kung nais ninyo makita ang palatanungan na sasagutin ng inyong anak, mangyaring kontakin si Dr. Jennifer Shapka (email: jennifer.shapka@ubc.ca; telepono: 604-822-5253) at padadalhan niya kayo ng kopya ng palatanungan sa mail o email. Ang eskwelahan ay may kopya rin ng palatanungan na maari ninyong tingnan.

**Pagiging Kompidensiyal:** Nais naming masigurado na ligtas ang pakiramdam ng inyong anak habang sinasagot niya nang tapat ang mga tanong. Upang masigurado na ito nga ang kaso, pinagsisikapan namin nang husto na masigurado ang pagiging kompidensyal nito. Sa buong panahon ng pagkumpleto ng inyong anak sa pag-aaral, kikilalanin lamang siya gamit ang isang unique ID number. Ang mga sagot niya sa palatanungan ay hindi kailanman iuugnay sa anumang impormasyon kung saan malalaman kung sino siya, at gagamitin namin ang kanyang ID number lamang upang iugnay ang mga palatanungan sa bawat taon. Ang lahat ng datos para sa pag-aaral na ito ay gagawing encrypted at ilalagay sa isang secure na password-protected server sa UBC. Ang core research team lamang ang magkakaroon ng access sa data.

**Bayad**: Bilang pasasalamat sa pahintulot ninyong lumahok ang inyong anak sa pag-aaral na ito, ipapasok bawat taon sa isang draw ang mga pangalan ng bawat eligible na kalahok upang makapanalo ng isang bagong iPhone o gift card na may katumbas na halaga. Tandaan na ang pangalan ng inyong teenager na anak ay ipapasok pa rin sa draw kahit na hindi ninyo ibinigay ang inyong pahintulot.

**Mga panganib ng paglahok:** Walang mga malubhang panganib na nauukol sa research na ito. Kung ayaw lumahok ng inyong anak sa pag-aaral, hindi siya parurusahan sa anumang paraan. Ang mga batang ayaw lumahok sa pag-aaral ay hihilinging magbasa at/o gumawa ng kanilang homework o takdang aralin.

Ang lahat ng mga estudyante ay bibigyan ng contact information para sa kanilang school counsellor, at iba pang resources sa BC, tulad ng Kids Help Line, kung sakaling may mararanasan silang anuman distress o kahirapan pagkatapos nila punan ang palatanungan (dahil sa mga tanong tungkol sa sexting, COVID-19, at emosyonal na kapakanan na maaring sensitibong para sa kanila).

**Sino ang tatawagan kung may alalahanin tungkol sa mga karapatan ng research subjects:** Kung mayroon kayong anumang mga katanungan o mga alalahanin tungkol sa mga karapatan ng inyong anak bilang isang research participant, at/o sa kanyang experience habang kalahok sa pag-aaral na ito, mangyaring kontakin ang Research Participant Complaint Line sa UBC Office of Research Ethics sa 604-822-8598, o kung long distance, mag-e-mail sa RSIL@ors.ubc.ca o kaya ay tumawag nang toll free sa 1-877-822-8598.

****MAHALAGA**: Mangyaring ibalik ang ibaba ng pahinang ito sa inyong teenager na anak kung AYAW ninyong lumahok ang inyong teenager na anak sa anumang bahagi ng pag-aaral na ito. Maari rin kayo mag-email nang diretso kay: jennifer.shapka@ubc.ca o kaya sa cyber.kids@ubc.ca**

– – – – – – – – – – – – – – – – – – – – – – – – – – – – – – – – – – – – – – – – – – – – – – – – – – – – – – – – –

**Pahintulot:**

Ang paglahok ng inyong anak sa pag-aaral na ito ay lubos na kusang-loob at maari ninyong tanggihan ang paglahok niya sa pag-aaral na ito sa pamamagitan ng pagbalik ng pormularyong ito, at maari rin ninyo tanggalin ang inyong anak mula sa pag-aaral kahit kailan nang hindi naaapektohan ang kanyang mga marka sa klase.

Ipinapahayag ng inyong pirma sa ibaba na nakatanggap kayo ng kopya ng pormularyo ng pahintulot na ito para sa inyong sariling rekord at na HINDI ninyo ibinibigay ang inyong pahintulot sa paglahok ng inyong anak sa pag-aaral.

**Ika-1 Bahagi** (palatanungan na isasagawa sa eskwelahan habang may klase):

☐ HINDI KO pinahihintulutan ang paglahok ng aking anak.

Pangalan ng Bata (mangyaring i-print):_______________________________________________

Ang Inyong Pangalan (mangyaring i-print):____________________________________________

_______________________________________________

Ang Inyong Pirma                                        Petsa